DSS 978-1-921380-85-3

Katunayang-pahina ng Expatriate na Pag-aampon

Expatriate na pag-aampon

Ang expatriate na pag-aampon ay isang natatanging klase ng pag-aampon na nangyayari kapag ang isang mamamayang Australyano o permanenteng residente na nakatira sa ibayong-dagat ng 12 buwan o higit pa ay nag-ampon ng isang bata sa isang proseso na inaprubahan ng ahensya sa ibayong-dagat o awtoridad ng pamahalaan. Ang mga awtoridad sa pag-aampon ng Australya ay walang pananagutan sa mga expatriate na pag-aampon at hindi nagtatasa o nag-aapruba sa mga aplikante para sa ganyang klase ng pag-aampon.

Tandaan: Ang expatriate na pag-aampon ay maaari ding tukuyin bilang pambansang pag-aampon sa ilang mga bansa.

Kapag ang isang Australyano ay nag-ampon ng isang bata mula sa ibang bansa na hindi kinasasangkutan ng mga awtoridad ng Australya, hindi awtomatikong kinikilala sa Australya ang pagkaka-ampon ng bata.

Ang bata ay maaaring hindi nakakatugon sa mga kinakailangan ng imigrasyon upang makapasok at manatili sa Australya.

Ang kinasasangkutan ng Australya sa mga expatriate na pag-aampon

Ang kinasasangkutan ng Pamahalaang Australya sa mga expatriate na pag-aampon ay limitado lamang sa pagtutukoy kung ang bata ba ay nakakatugon sa mga kinakailangan ng imigrasyon upang makapasok at manatili sa Australya na may Adoption visa.

Ang Pamahalaang Australya ay hindi nagbibigay ng anumang klase ng dokumento na sumusuporta sa anumang paraan o nag-iindorso sa mga aplikasyon ng Australyanong nakatira sa ibayong-dagat na may isinasagawang pangtahanan o pribadong mga pag-aampon sa ibayong mga bansa katulad ng sulat na sumusuporta (letter of support), Sulat na Hindi Tumatanggi (Letter of No Objection (LNO)) o kaya isang Walang Pagtutol na Sertipiko (No Objection Certificate (NOC)). Nang dahil ang mga klaseng ito ng mga pag-aampon sa ibayong-dagat ay hindi napapabilang sa aprubadong programa ng intercountry na pag-aampon ng Australya.

Ang mga awtoridad ng Australya ay hindi makakapagsagawa ng mga pagtatasa sa mga Australyanong nakatira sa ibang bansa at hindi makapagpapatunay na ang Australyanong expatriate ay kwalipikado sa pag-aampon ng isang bata ayon sa batas ng Australya.

Dagdag pa rito, ang mga Embahadang Australyano o mga opisyal ay hindi makakapagtestigo sa anumang mga dokumento pati na sa mga deklarasyon at apidabit (statutory declarations and affidavits), na ginagamit lang sa labas ng Australya at para sa pakay na isang pantahanan o pangpribadong pag-aampon sa ibang bansa.

Mga peligrong kasangkot sa mga pag-aampon na hindi isinaayos sa pamamagitan ng Sentrong Awtoridad (Central Authority) ng estado o teritoryo

- Ang aktibidad sa expatriate na pag-aampon ay may dala-dalang likas na mas mataas na peligro, hindi lang sa ipinagbabawal o hindi legal na gawi kundi pati ang paulit-ulit na wala sa lugar na gawain sa pag-aampon.
- Hindi palaging ang pangunahing kunsiderasyon ay ang pinakamagaling na kahihinatnan ng bata sa mga kaso ng expatriate na pag-aampon.
- Ang mga nababagay na pagpayag, pagtatasa ng kung pwedeng ampunin ang bata at ang mga proseso sa pag-uugma sa bata ay hindi ginagamit sa paraang may kasang-ayon na pamantayan at walang pagsusubaybay.
- Ang pagtatasa sa pagiging nararapat ng inaasahang mag-aampong magulang ay hindi isinasagawa sa paraang may kasang-ayon na pamantayan at hindi nasusubaybayan.
- Hindi sapat na inilalapat ang 'subsidiarity principle' sa pagtatasa sa iminungkahing paglalagyan ng bata o hindi isinaaalang-alang ang mga implikasyon ng nalalapit o darating na internasyonal na pagtawid sa hangganan para sa pinakamahusay na kahihinatnan ng bata.

At dagdag pa rito, may mga pinanghahawakang alalahanin na ang mga nag-aampong mga magulang ay hindi nagsagawa ng kinakailangang pagsasanay, edukasyon at mga proseso sa pagtatasa at maaaring hindi nakapag-access sa o may kamalayan sa mga serbisyong pangsuporta upang matugunan ang kumplikado at nagbabagong mga pangangailangan ng bata na inaampon mula sa ibang bansa.

Ang ilang mga mamamayang Australyano na nagsagawa ng mga expatriate na pag-aampon ay namalayang sila ay napapasok sa gipit na sitwasyon. Itong pamamaraan ng pag-aampon ay nagresulta sa mga Australyanong magulang na nag-aampon na hindi madadala sa Australya ang bata sang-ayon sa batas. Itong mga sitwasyon ay nagdudulot ng hanay na mga pangmatagalang suliranin sa kapwa mga magulang at bata.

Humanap ng legal na pagpapayo

Kung ang isang bata ay legal na inampon sa ibayong bansa (hindi sa Australya) sa ilalim ng batas ng bansang yaon, hindi nito ginagarantiyahan na ang pag-aampon sa ibayong-dagat ay makakatugon sa mga kinakailangan ng pagkakaroon ng Adoption visa (subclass 102).

Inirerekomenda na kumuha ng independiyenteng legal na pagpapayo, sa magkabilang panig sa Australya at sa bansang tinitirahan ng bata bago pa magpatuloy sa expatriate na pag-aampon.

Para sa karagdagang impormasyon

- Ang Smartraveller ay nagbibigay ng impormasyon sa mga Australyano na nagbabalak mag-ampon ng isang bata mula sa ibayong-dagat sa pamamagitan ng intercountry o expatriate na pag-aampon. Inililista ng Smartraveller ang mga ginagampanang papel at katungkulan ng mga awtoridad ng Australya at nagbibigay ng mga pabatid (tip) para sa mga nagbabaka-sakaling mga magulang na mag-aampon bago pa tumulak sa ibayong-dagat upang mag-ampon ng isang bata.
- Ang Intercountry Adoption Australia (IAA) ay nagbibigay ng kumprehensibong impormasyon tungkol sa proseso ng intercountryl na pag-aampon. Ang IAA ay may hanay na mga mapagkukunan at serbisyo upang makatulong sa mga Australyano na nagsasaalang-alang na mag-ampon ng mga bata mula sa ibayong-dagat.
- Impormasyon tungkol sa Hague Convention on intercountry adoption.